Pebrero 14, 2023

# Ang mga aplikasyon para sa marriage license ay makukuha na ngayon online

BRAMPTON, ON – Ang mga aplikasyon sa marriage licence o lisensya sa pagpapakasal ay pwede na ngayon online, 24/7, sa Lungsod ng Brampton.
Pwedeng ma-access ng mga residente ang digital portal ng marriage license at mag-aplay anumang oras. Dati, ang Lungsod ng Brampton ay tumatanggap lamang ng mga aplikasyon sa papel nang personal sa City Hall.

Pagka-kumpleto sa online na aplikasyon ng marriage licence, tatanggap ang aplikante ng isang reperensiyang numero na kinakailangan kapag pumunta sa City Hall para kunin ang marriage licence.

Para mag-access sa bagong portal ng aplikasyon sa marriage licence, bisitahin ang www.brampton.ca/marriageservices.

**Tungkol sa mga marriage licence**

Ang mga marriage licence ay balido saanman sa Ontario sa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pag-isyu at makukuha mula sa karamihan sa mga munisipyo ng lalawigan.

Ang mga magpapakasal sa Ontario ay kailangang kumuha ng marriage licence bago magpakasal. Hindi pwedeng iisyu ang isang license matapos maganap ang seremonya ng kasal.

**Mga seremonya ng sibil na kasal**

Ang mga seremonya ng sibil na kasal ay patuloy na isasagawa sa City Hall ng Brampton bawat Martes hanggang Biyernes, sa panahon ng mga oras na may pasok.

Noong 2022, 1,300 Seremonyang Sibil ang naisagawa. Mula 2016, nagsagawa ang staff ng higit sa 3,000 seremonya.

Para mas malaman pa ang tungkol sa mga seremonyang sibil sa Lungsod ng Brampton, **i-click dito**.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca